Mensahe Dalawa

## Ipinamumuhay ang Nagpapaloob ng Lahat, Masaklaw na Kristo sa halip na ang Ating Kultura

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 3:11, 16-17a; Fil. 1:20-21a; Col. 1:15, 18, 27; 3:4, 10-11

**I. Ang sentrong kaisipan ng Biblia ay yaong ninanais ng Diyos na ipamuhay natin si Kristo para sa ekklesia bilang Katawan ni Kristo, ang isang bagong tao—Fil. 1:21a; Efe. 2:15-16:**

A. Ang intensiyon ng Diyos ay yaong tayo ay matigmakan, malaganapan, mapunuan, at mabihisan ni Kristo nang sa gayon ay maipamuhay natin si Kristo—3:17a; Gal. 2:20; 3:27; 4:19.

B. Ang buhay-Kristiyano ay ang buhay kung saan ang mga mananampalataya ni Kristo ay ipinamumuhay si Kristo at dinadakila Siya—Fil. 1:20-21a.

C. Ang ipamuhay si Kristo ay ang ipamuhay ang isang persona, si Kristo Mismo—Col. 1:27; Roma 8:10:

1. Kung nais nating ipamuhay si Kristo, dapat natin Siyang kunin bilang ating persona at maging kaisang persona Niya; Siya at tayo ay dapat maging isa sa isang praktikal na paraan—1 Cor. 6:17.

2. Kung mayroon tayong liwanag hinggil sa kung paanong nahahalinhan si Kristo sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, aaminin natin sa Panginoon na sa halip na ipinamumuhay Siya ay ipinamumuhay natin ang maraming iba pang bagay, na mas namumuhay tayo sa pamamagitan ng kultura kaysa sa pamamagitan ni Kristo—1 Juan 1:7.

D. Ang dahilan kung bakit hindi natin ipinamumuhay si Kristo ay yaong hindi tayo nabubuuan ni Kristo; kung ano ang naibubuo sa atin ay siyang ipinamumuhay natin—Col. 3:4, 10-11; Efe. 3:17a.

**II. Hinggil sa bagay ng nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo laban sa kultura, kailangan nating makita na ayon sa kumpletong pahayag sa Biblia, ang intensiyon ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa Kanyang mga pinili, tinubos, at isinilang na muling bayan—Gal. 1:15-16; 2:20; 4:19:**

A. Ang sentrong gawain ng Diyos, ang Kanyang namumukod-tanging gawain, sa sansinukob at sa lahat ng kapanahunan at henerasyon ay ang isagawa ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa Kanyang piniling bayan, ginagawa ang Kanyang sarili na kaisa nila—Efe. 3:17a; 1 Cor. 6:17.

B. Ang intensiyon ng Diyos ay ang lubusang isagawa ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa atin, ginagawa ang Kanyang sarili na ating mga panloob na elemento—Efe. 3-11, 16-19.

C. Para sa katuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, kailangang maitayo ng Diyos ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa ating katauhan, itinatayo ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa atin bilang ating buhay, ating kalikasan, at ating pagkakabuo upang gawin tayong Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa Pagka-Diyos—2 Sam. 7:12-14a; Roma 1:3-4; Efe. 3:17a; Juan 14:23; Col. 3:10-11.

1. Kailangan natin ang Diyos na itayo ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa ating intrinsikong pagkakabuo nang sa gayon ang ating buong katauhan ay mabuuang muli ni Kristo—Efe. 3:17a.

2. Itinatayo ni Kristo ang ekklesia sa pamamagitan ng pagpasok sa ating espiritu at paglaganap ng Kanyang sarili mula sa ating espiritu tungo sa ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya upang okupahan ang ating buong kaluluwa—Mat. 16:18; Efe. 3:17a.

**III. Sa pagsasabing si Kristo ay laban sa kultura, hindi natin sinasabing kailangan nating bitiwan ang ating kultura at mamuhay nang walang kultura sa anumang paraan—Col. 3:10-11:**

A. Yaong mga walang Kristo ay tiyak na kailangang mamuhay ayon sa kultura, sapagkat pinepreserba, nireregula, at pinabubuti ng kultura ang mga tao.

B. Bago ang pagtanggap sa nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo, kailangan ng lahat ng tao ang kultura.

C. Pagkatapos nating tanggapin si Kristo, hindi natin dapat hayaan ang kultura na limitahan si Kristo o hadlangan tayo sa pagdaranas at pagtatamasa kay Kristo; sa halip, dapat nating masimulang matutuhan na mamuhay ayon kay Kristo, hindi ayon sa kultura—2:6-7.

D. Habang lumalaki ang mga bata, kailangan nila ng kultura at kautusan—Gal. 3:23-28:

1. Bago tanggapin ng mga bata si Kristo, dapat silang masanay ayon sa kultura at sa ilalim ng kautusan—bb. 23-24.
2. Pagkatapos nilang tanggapin si Kristo, unti-unti ay maaari natin silang tulungang bumaling mula sa kultura tungo kay Kristo—Juan 1:12-13; 6:57.

**IV. Yamang natanggap na natin si Kristo, hindi natin dapat hayaan ang kultura na maging isang panghalili sa Kanya—Col. 2:6; 3:10-11:**

A. Bawat uri ng kultura ay laban kay Kristo, at si Kristo ay laban sa bawat uri ng kultura—b. 11:

1. Anumang kultura, anumang uri ng kultura ito, ay laban kay Kristo.
2. Hiwalay kay Kristo, ang lahat ng bagay na mayroon tayo at bawat pantaong produkto at pag-unlad ay bahagi ng kultura.

B. Ang salik na naglilimita sa paglawak ng pagtatamasa kay Kristo ay kultura; kusang-kusa, inilalayo tayo ng kulturang nasa loob natin mula sa tunay na pagdaranas kay Kristo—Fil. 3:3-9.

C. Dahil ang ating kultura ay humahadlang sa atin sa pagdaranas kay Kristo, pagtatamasa kay Kristo, at pamumuhay kay Kristo, nabibigyan tayo ng matinding kabigatan ng Panginoon na ang lahat ng banal sa pagbabawi ng Panginoon ay matuto sa isang praktikal na paraan na kunin si Kristo bilang kanilang buhay at persona upang halinhan ang kanilang kultura—Efe. 3:17a; Col. 3:4.

D. Sa loob ni Kristo, mayroon tayong kalayaang isaisantabi ang ating kultura upang palakihin ang ating kapasidad na tamasahin ang Panginoon; ang lahat ng puwang sa loob natin ay dapat maibigay kay Kristo.

E. Kung ang ating buong panloob na kapasidad ay magagawang laan kay Kristo, kusang-kusa na ang kulturang nasa loob natin ay mahahalinhan ni Kristong nananahan sa loob natin—1:27; 3:11.

**V. Napakahalagang makita natin ang pangitain ng pagiging nagpapaloob ng lahat at pagiging masaklaw ni Kristo; hindi tayo dapat magpunyaging bitiwan ang ating kultura nang walang gayong pangitain kay Kristo—Gawa 26:19; Efe. 1:17-23:**

A. Ang Kristong nananahanan sa atin ay hindi isang maliit, limitadong Kristo; Siya ang Isa na larawan ng Diyos na di-nakikita, ang pagsasakatawan ng kapuspusan ng Diyos, at ang pinakapunto ng ekonomiya ng Diyos—Col. 1:15, 18; 2:2, 9-10:
   1. Ang gayong Kristo ay nananahan sa atin ngayon at naghihintay ng pagkakataong ipalaganap ang Kanyang sarili sa ating buong katauhan—1:27.
   2. Ang Kristong ito ay dapat maging lahat-lahat sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, at dapat natin Siyang ipamuhay, hindi nagbibigay sa kultura ng anumang puwang sa ating pamumuhay—Fil. 1:21a; Col. 3:11.
B. Sa sandaling makita natin ang pangitain ng nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo, kailangan nating simulang isaisantabi ang ating kulturang kinamulatan at huwag itong hayaang halinhan si Kristo o limitahan Siya—Gawa 9:4-5; 26:19; Fil. 3:7-10:
   1. Hindi tayo dapat magbigay sa kultura ng anumang puwang sa ating pamumuhay.
   2. Sa halip, lahat ng puwang sa loob natin ay dapat ibigay sa nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo na nananahan sa loob natin—Col. 1:27.
C. Kung makikita natin ang gayong pangitain ng nananahanan, nagpapaloob ng lahat, masaklaw na Kristo, kusang-kusa nating bibitiwan ang ating kultura—3:10-11:
   1. Dati-rati, si Kristo ay nahalinhan ng kultura, subalit sa sandaling makita natin ang pangitaing ito, ang kultura sa loob natin ay mahahalinhan ni Kristo—b. 11.
   2. Sa halip na pagsumikapang bitiwan ang ating kultura, dapat lamang nating ipamuhay si Kristo, at hahalinhan ni Kristo ang ating kultura ng Kanyang sarili—Fil. 1:21a.
D. Kung ipinamumuhay natin si Kristo, kusa tayong naililigtas mula sa kultura, at kusang-kusa, nahahalinhan ng Kristong ipinamumuhay natin ang ating kultura; ito ang pahayag sa aklat ng Colosas—1:15, 18, 27; 2:2, 9-10; 3:4, 10-11.

*© 2020 Living Stream Ministry*